



Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula





# 6

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan - Modyul 6

## Mga Pangunahing Suliranin at Hamong Kinakaharap ng mga Pilipino Mula 1986 Hanggang sa Kasalukuyan



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________

**Araling Panlipunan – Ikaanim na Baitang**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 6: Mga Pangunahing Suliranin at Hamong Kinakaharap ng mga Pilipino Mula 1986 Hanggang sa Kasalukuyan**
**Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Florence M. Rael | |
| **Editor:** | Anna Rose A. Cabalida | |
| **Tagasuri:** | Anna Rose A. Cabalida | |
| | Vilma C. Velasco | |
| **Tagalapat:** | Ronald G. Mandas | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan | - Schools Division Superintendent |
| | Lourma I. Poculan | - Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | - Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | - Chief Education Supervisor, SGOD |
| | Monina R. Antiquina | - Education Program Supervisor, Araling Panlipunan |
| | Janette A. Zamoras | - Public Schools District Supervisor |
| | Ronillo S. Yarag | - Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | - Project Development Officer II, LRMS |
| | Nilo Dalman | - School Head (Dicayas E/S) |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Telefax: (065) 212-6986
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

# Aralin 6

# Mga Suliranin at Hamong Kinakaharap ng mga Pilipino Mula 1986 Hanggang sa Kasalukuyan



## *Alamin*

Ang ating bansa ay maraming isyu o mga problemang kailangang mabigyang-atensyon dahil ang mga ito ay malaking hadlang sa pag-unlad ng bansa. Sa modyul na ito, inyong matutunghayan ang ilan sa mga suliraning kinakaharap ng ating bansa mula 1986 hanggang sa kasalukuyan.

Pamantayan ng Pagkatuto:

- Nasusuri ang mga pangunahing suliranin at hamong kinakaharap ng mga Pilipino mula 1986 hanggang sa kasalukuyan.

Pagkatapos ng modyul, ikaw ay inaasahan na:

a. Naiisa-isa ang mga pangunahing suliranin na kinakaharap ng bansa sa kasalukuyan



## *Balikan*

**Gawain 1: PLUS o MINUS!**

**Panuto**: Basahin ang mga pahayag. Lagyan ng plus sign (+) kung ito ay nakatutulong sa pagpapanatili sa karapatang pantao at demokratikong pamamahala at minus sign (-) kung hindi.

| Sagot | Mga Pahayag |
|---|---|
| | 1. Paglahok at pakikiisa sa magandang layunin ng mabuting samahan. |
| | 2. Pakikipagtulungan o pakikipag-ugnayan sa barangay at pulisya. |
| | 3. Paghinto ng pag-aaral at maagang paghanapbuhay ng mga bata. |
| | 4. Pagkakaroon ng disiplina, pagmamalasakit at katapatan ng bawat isa. |
| | 5. Paglahok sa mga samahan na sangkot sa mga illegal na gawain. |




## *Tuklasin*

**Gawain 2: Suriin at Tukuyin Mo!**

Ang ating bansa ay nahaharap sa mga suliranin at hamon na hindi pa nasolusyonan ilang dekada na ang nakalipas. Ang mga suliraning ito ay hadlang sa pag- unlad. Alam mo ba ang mga suliranin o isyung kinakaharap ng bansa sa

kasalukuyan? Pag-aralang mabuti ang sumusunod na mga larawan at isulat sa ibaba ng larawan kung anong problema ang inilalarawan ng mga ito.



1. ______________________
______________________



2. ______________________
______________________



## Suriin

**Gawain 3: Halina't Magbasa at Matuto!**

Ang mga larawan sa itaas ay nagpapakita ng ilan lamang sa mga suliraning kinakaharap ng ating bansa sa kasalukuyan. Narito ang ilan pang mga suliranin ng ating bansa.

**SULIRANING PAMPOLITIKA**

1. **Suliranin sa Pambansang Seguridad at Katahimikan**

Ang panggugulo at pananakot ng mga teroristang grupo ay banta sa seguridad ng bansa. Ang Communist Party of the Philippines-New People's Army (CCP-NPA), Abu Sayyaf at maging kidnap for ransom ay mga teroristang grupo na banta sa katahimikan ng lugar. Maging sa kasalukuyan wala pa ring tigil ang terorismo sa bansa. Kabilang na dito ang mga maliit na krimeng panlipunan tulad ng snatching, theft o pagnanakaw at robbery maging ang malalaking kaso gaya ng murder, rape at physical injuries.

Ang suliranin sa pambansang seguridad at katahimikan ay isa sa mga hadlang sa pag-unlad dahil nagdadalawang isip ang mga dayuhang gustong mamuhunan sa bansa.

***2.* Suliranin sa Pandaraya at Katiwalian sa Pamahalaan**

Ang katiwalian at pandaraya ng mga pinuno at kawani ay isa rin sa nakahahadlang sa pag-unlad. Malaking halaga ang nawawala sa kaban ng bayan na maaring magagamit sa ikaka- unlad nito.

**URI NG KATIWALIAN**


- **Panunuhol** *(bribery)* - ito ay ang pagtanggap ng halaga o anumang bagay kapalit ng di pagsumbong ng mga gawaing illegal.
- **Pangingikil** *(extortion)* - paghingi ng bayad o ano mang bagay bago gawin ang isang proyekto o transaksiyon.
- **Nepotismo** *(nepotism)* - pagbibigay pabor, pagkiling o pagtangkilik sa mga kamag-anak, kakilala o kaibigan lalo na sa pagbibigay ng mga tungkuling may mataas na sweldo.
- **Paglustay** *(embezzlement)* - ito ay ang paggamit sa pondo o pera ng pamahalaan para sa sariling kapakanan.
- **Kickbacks** - pagpapasobra sa aktwal na halaga ng isang bagay o proyekto.

Ang tanggapan ng *Ombudsman* ay may kapangyarihang magsisiyasat at magsasampa ng reklamo o kaso laban sa tiwaling kawani o pinunong naglilingkod sa pamahalaan. Kung may katiwalian, dapat ipagbigay alam agad sa Ombudsman upang mabigyan ng kaagarang aksiyon at karampatang parusa.

**3. Isyu Tungkol sa Teritoryo.**

Ang usapin tungkol sa teritoryo ay noon pang ilang dekada na ang nakalipas. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:

- **Sabah o North Borneo**. Ito ay ibinigay ng Sultan ng Brunei sa sultan ng Sulu na si Sultan Jamalul Ahlam noong 1704 bilang kabayaran sa tulong nito upang mapigilan ang rebelyon sa Brunei. Bahagi noon ng nasasakupan ng Sultan ng Sulu ang Sabah, Probinsiya ng Sulu, Tawi-Tawi, Basilan, Zamboanga Del Sur, Zamboanga del Norte, Sibugay at Palawan. Ngunit noong 1878 pinaupahan ng sultan sa isang Bristish ang Sabah.




Source:https://www.researchgate.net/figure/Map-of-Sabah

Sa panahon ng pamumuno ng Amerikano napag–usapan ang kalagayan ng Sabah. Nagkaroon ng kasunduang kaibigan dahil magkaibigan ang Gran Britanya at Estados Unidos. Noong panahon ni Pangulong Diosdado Macapagal nagsimula ang paghahabol ng Pilipinas sa Sabah ngunit nahinto ito sa kasalukuyan upang maiwasan ang hidwaan sa pagitan ng Pilipinas at Malaysia.

- **Spratly Islands.** Spratly Islands o Kalayaan Group of Islands na may layong 270 kilometro mula sa baybayin ng Palawan. Ilan sa mga pangunahing pulo ng kalayaan ay Parola, Libas, Pag-asa, Panata, Kota, Lawak at Pugad. Napag-alamang mayaman ang isla sa deposito ng langis at likas na yaman. Nagsi-mula ang isyu nito mula pa sa panahon ni Pangulong Ferdinand E. Marcos. Hinihintay pang kilalanin ng Batas Internasyonal upang lubos na maangkin ng Pilipinas ang Spratly Islands. Ang mga bansang Taiwan, China, Vietnam, Malaysia at Brunie ay ilan sa mga bansang naghahabol dito. Sa kasalukuyan nagpatayo ng istruktura ang China sa isa sa mga pinag- aagawang isla.




Source:https://pngio.com/PNG/a154633-south-china-sea-png.html

## SULIRANING PANGKABUHAYAN

Sa simula pa lamang ay nakipag-ugnayan na ang Pilipinas sa iba't-ibang bansa sa anumang aspekto ng pamumuhay. Pinilit na makasabay sa pagbabago sa pandaigdigang kalakalan.

1. **Isyu sa Globalisasyon**. Ang globalisasyon ay isang sistemang pandaigdig na naglalarawan sa mga pagbabagong nagbubuklod-buklod sa mga tao, kumpanya at bansa. Maaring ito'y pang ekonomiya, kalakalan, teknolohiya, politika at

kalinangan o kultura, Upang maging *globally competitive* ang bansa, ipinapatupad nito ang patakaran ng globalisasyon.

*Ang mga sumusunod ay patakaran ng globalisasyon:*

- **Deregulasyon**. Ito ay pag- alis ng kontrol ng pamahalaan sa industriya at agrikultura. Ang mga dayuhang negosyante ay maaari ng mamumuhunan sa bansa. Nagdudulot ito ng mababang presyo dahil marami ang pagpipilian ng mga mamimili at nagbibigay ng maraming trabaho sa mga Pilipino.
- **Pribatisasyon.** Ito ay tumutukoy sa pagbebenta ng mga ari-arian ng pamahalaan sa pribadong tao o kumpanya upang mabawasan ang gastusin ng gobyerno. Halimbawa dito ang Petron at Metro Water Sewerage System o MWSS.
- **Liberalisasyon**. Ang malayang pagpasok ng mga kalakal mula sa ibang bansa. Ito ang dahilan kung bakit nagkalat ang imported na produkto sa bansa. Pinaniniwalaang higit na pagtibayin ang lokal na mga produkto at ibenta sa mababang presyo dahil sa kompetisyon.

Kung susuriing mabuti ang epekto ng globalisasyon, ito ay nagbubunga ng hindi maganda sa ating ekonomiya. Hindi natin kayang tapatan ang makabagong teknolohiya, agrikultura at industriya ng ibang bansa. Hindi makayanan ng lokal na sektor ang kompetisyon at walang suporta mula sa pamahalaan para sa maliliit na negosyante at magsasaka. Maraming nalugi at nagsarang mga negosyo na nagbubunga ng kawalan ng trabaho ang maraming Pilipino.

**2. Suliranin sa Pagkakautang ng Bansa**

Isa sa malaking suliraning kinakaharap ng pamahalaan ay pagkakautang na umabot sa 3.93 trilyon dahil na rin sa hindi pagbabayad ng interes. Kakulangan sa pondo ang dahilan kung bakit nangungutang ang bansa sa International Monetary Fund (IMF), Word Bank at local na bangko at institusyong pananalapi. Dapat maglaan ang pamahalaan ng Php 931 milyon araw-araw pambayad sa interes. Habang tumataas ang interes patuloy rin ang pagtaas ng mga bilihin at serbisyo na lalong nagpapahirap sa mga tao.

## SULIRANING PANLIPUNAN

**1. Problema sa Kahirapan**

Maraming mga Pilipino ang nabubuhay sa ilalim ng *poverty line* o linya ng kahirapan. Ito ang kalagayan ng mga taong hindi makaabot sa antas ng pamumuhay na pamantayan ng isang bansa. Ang mag-asawang may tatlong anak at kumikita ng mahigit Php 7,821 kada buwan ay nabubuhay sa “kahirapan” samantala ang kumikita ng Php 5,458 kada buwan ay nabibilang sa “matinding kahirapan.” Marami ang bilang ng mga Pilipino ang walang hanapbuhay. Maraming mga kabataan ang hindi nakapag-aral at napilitang maghanapbuhay, namamalimos at namumulot ng basura. Ang matinding kahirapan ay nakakaapekto hindi lamang sa tao kundi pati na rin sa buong bansa.

**2. Suliranin sa Ipinagbabawal na Gamot**

Ang paggamit ng droga o ipinagbabawal na gamot ay may masamang epekto. Maaring ikamatay, masiraan ng bait o makagawa ng masasamang bagay tulad ng pagnanakaw, panggagahasa o maging pagpatay. Karamihan sa mga krimen ay bunga ng ipinagbabawal na gamot. Ang taong lulong sa droga ay kailanman ay hindi magiging produktibo at ito ay malaking hadlang sa pag-unlad ng bansa. Sa kasalukuyan, tinatayang 1.67 milyon o dalawa sa isang daang Pilipino ang gumagamit ng ipinagbabawal na gamot.

**3. Malaking Bilang ng Populasyon**

Populasyon ang tawag sa kabuoang bilang ng mga taong naninirahan sa isang lugar. Kung malaki ang populasyon madali ang pag-unlad ng bansa ngunit

dahil sa kahirapan ay hindi natutugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng mga tao at nagdudulot ito ng suliranin sa bansa tulad ng kakulangan sa tirahan, hanapbuhay at pagkain. Umabot na sa 110,336,466 milyon ang populasyon ng Pilipinas (*as of January 8, 2021).* Noong 1985 nasa 54, 275,822 milyon lamang ito.

**SULIRANING PANGKAPALIGIRAN**

Ang polusyon ay ang pagkasira sa ating kapaligiran dahil sa maling paraan ng pagtatapon ng basura. Lalo itong lumala dahil sa paglaki ng populasyon at kawalan ng disiplina ng mga mamamayan. Ito rin ay banta sa ating kalusugan at kalikasan.

**URI NG POLUSYON:**

- **Polusyon sa Tubig**

Ang mga basurang itinapon sa mga estero, kanal at ilog ay ang sanhi ng polusyon sa tubig. Ang mga insecticide o pamatay sa mga insekto at pesticide na ginagamit ng mga magsasaka ay nagdudulot rin ng polusyon. Ang mga duming galing sa pabrika ay isa rin sa nagpaparumi ng tubig. Maaring magkasakit ang tao ng diarrhea, anemia at pagkalason dahil sa maruming tubig.

- **Polusyon sa Hangin**

Ang pagsunog ng plastic, langis, carbon at iba pang basura na galing sa tahanan at industriya ay nagdudulot ng polusyon sa hangin. Dagdag pa dito ang krudo at gasolinang ginagamit ng mga sasakyan at makinarya. Ang pagkasunog ng mga kagubatan na nagdudulot ng matinding usok ay sanhi rin ng polusyon. Ang maruming hangin ay nagdudulot ng iba't ibang sakit lalo na sa baga. Ang pinakamatinding bunga nito ay ang pagkasira ng ozone layer na nagsisilbing proteksiyon ng mundo sa matinding sikat ng araw.

- **Ingay o Noise Pollution**

Ang *noise pollution* o matinding ingay ay nagdudulot ng pagkapagod at *physica*l at *emotional stress*. Dahil sa malakas, marahas at palaging ingay ay nawawala ang katatagan at katahimikan ng pag-iisip. Ang mga ingay ay maaring magmula sa mga sasakyan, mga pabrika at industriya, mga gamit sa tahanan o maging sa tao.



# *Pagyamanin*

**Gawain 4: Punan Mo Ako!**

Batay sa binasang teksto, isa-isahin ang mga suliraning kinakaharap ng ating bansa sa kasalukuyan. Issulat ang inyong sagot sa kahon.

MGA SULIRANING KINAKAHARAP NG PILIPINAS

| | |
|---|---|
| Pampolitika | → ______ <br> → ______ <br> → ______ |
| Pangkabuhayan | → ______ <br> → ______ |
| Panlipunan | → ______ <br> → ______ <br> → ______ |
| Pangkapaligiran | → ______ <br> → ______ <br> → ______ |



# Gawain

**Gawain 5: Pagtapatin Mo!**

Napag-alaman mo na ang mga suliraning kinakaharap ng mga Pilipino ay nakahadlang sa pag-unlad ng ating bansa. Suriin kung paano nakakaapekto ang mga suliraning ito sa pag-unlad ng bansa.

**A.** Pagtapat-tapatin ang **Hanay A** sa **Hanay B**. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ___ 1. Liberalisasyon | **a**. naluluklok sa katungkulan kahit hindi kwalipikado |
| ___ 2 Nepotismo | **b**. nagbubunga ng iba't ibang karamdaman |
| ___ 3. Polusyon | **c.** napilitang magsara ang mga lokal na negosyo |
| ___ 4. Terorismo | **d**. maaring tataas ang presyo ng mga bilihin |
| ___ 5. Deregulasyon | **e**. banta sa kapayapaan |

**B.** Basahin at suriing mabuti ang bawat pahayag. Lagyan ng tsek **(√ )**_kung ito ay nakabubuti at ekis **( x )** kung hindi nakabubuti para sa kaunlaran ng bansa. Isulat ang tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

____ 1. Labis ang pagkahilig sa mga imported na bagay.
____ 2. Ipagbigay alam sa kinauukulan ang nakitang katiwalian.
____ 3. Ang pagsusunog ng mga basura ay nakakabuti lalo na pag marami na ang mga ito.
____ 4. Maaring magkaroon ng pang-aabuso sa pag sasapribado ng ibang kumpanya.
____ 5. Nagpapakain ang Kapitan sa kanyang kaarawan gamit ang pera ng barangay.



# Isaisip

**Gawain 6. Buuin Mo!**

**Panuto**: Punan ang patlang ng mga angkop na salita upang mabuo ang kaisipan na nais ipahayag. Piliin lamang sa loob ng kahon ang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| seguridad at katahimikan | teritoryo | poverty line |
| pandaraya at katiwalian | pagkakautang ng bansa | polusyon |
| ipinagbabawal na gamot | bilang ng populasyon | pag-unlad |
| globalisasyon | | |

Nakakaapekto sa pag-unlad ng bansa ang mga suliranin at hamong kinakaharap ng mga Pilipino. Ang pananakot at panggugulo ng mga terorista ay banta sa 1.________________________________. Lalong nagpapahirap sa mga mamamayan ang 2.__________________________ na kinasasangkutan ng mga kawani at mga pinuno ng pamahalaan. Ang mga likas na yaman ay hindi basta bastang mapapakinabangan dahil sa agawan ng 3.________________.

Sa pagpapatupad ng 4.______________________nagkaroon ng opurtunidad na makapagnegosyo ang mga dayuhan sa ating bansa na nagbibigay ng trabaho sa maraming Pilipino. Ngunit sa ibang dako naman ay nalugi at nagsara ang mga maliliit na lokal na mga pagawaan. Dagdag pa na pasanin ang bilyong-bilyong

pagbabayad ng interes sa 5.____________________sa IMF at World Bank. Maraming mga Pilipino ang nabubuhay sa ilalim ng 6.______________________ ng bansa kaya hindi maikakaila na marami ang nasadlak sa mga ilegal na gawain tulad ng pagbebenta ng 7.______________________.

Dahil sa lumulubong 8.___________________ o laki ng bilang ng mga tao, hindi maiwasang nagkaroon ng 9.______________________ sa kapaligiran.

Kung matutugunan ng pamahalaan ng angkop na solusyon ang mga suliraning ito at sa tulong ng mga mamamayan, tiyak na mabilis ang 10. ______________________ ng ating bansa.



# Tayahin

**Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.**

___1. Alin sa mga sumusunod na suliranin ang humahadlang sa mga kabataan na makamtam ang mga pangarap sa buhay?

A. Suliranin sa kapaligiran
B. Suliranin sa seguridad at katahimikan
C. Isyu tungkol sa teritoryo
D. Suliranin sa ipinagbawal na gamot

____2. Alin sa mga sumusunod ang hindi patakaran ng globalisasyon?

A. deregulasyon
B. liberalisasyon
C. pribatisasyon
D. korporasyon

____3. Alin sa mga sumusunod na suliranin ang matugunan sa pagpapatupad ng globalisasyon?

A. kabuhayan
B. droga
C. katiwalian
D. teritoryo

____4. Alin sa sumusunod na suliranin maituturing ang matinding kahirapan at kakulangan sa tirahan dahil sa paglaki ng bilang tao o populasyon?

A. Suliraning pangkapaligiran
B. Suliraning politikal
C. Suliraning pangkabuhayan
D. Suliraning panlipunan

____5. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa mga makaliwang grupo na nananakot at nagbabanta sa katahimikan ng bansa?

A. Artista
B. Turista
C. Terorista
D. Barista

____6. Ang Kalayaan Group of Islands na malapit sa baybayin ng Palawan ay kilala rin sa tawag na _________________.

A. Spratly Islands
B. Hundred Island
C. Boracay Island
D. Camiquin Island

____7. Alin sa sumusunod na uri ng katiwalian ang tumutukoy sa pagtanggap ng halaga o anumang bagay kapalit ang di pagsumbong ng mga *illegal* na gawain?

A. Bribery
B. Nepotismo
C. Extortion
D. Embezzlement

____8. Sa suliraning katiwalian ng mga pinuno o kawani sa pamahalaan, anong tanggapan ng pamahalaan ang magsisiyasat at magsasampa ng kaso laban sa mga ito?

A. Pananalapi
B. Punong Barangay
C. Turismo
D. Ombudsman

____9. Alin sa mga sumusunod na suliranin sa bansa ang dulot ng mga usok mula sa mga pabrika, sasakyan at makinarya?

A. Hangin
B. Tubig
C. Lupa
D. Ingay

____10. Ano ang posibleng mangyayari kung lubog sa utang ang ating bansa?

A. Maraming maging turista sa ibang bansa
B. Marami ang makapag-aral
C. Babagal ang pag-unlad ng ekonomiya
D. Bababa ang moralidad ng mga tao



# *Karagdagang Gawain*

**Panuto**: Basahing mabuti ang tanong at sagutin nang may pagsasaalang-alang sa kasalukuyang pangyayari sa ating bansa. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

1. Kung bibigyan ka ng pagkakataon nga maging pangulo ng bansa, alin sa mga suliraning nabanggit ang una mong bigyang-pansin? Bakit?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________


2. Paano nakakaapekto sa kaunlaran ng bansa ang mga suliraning kinakaharap sa kasalukuyan? Naging madali ba ang pag-unlad ng ekonomiya ng bansa?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

# Susi sa Pagwawasto

Pagyamanin, Gawain 4:




| Balikan | Pagyamanin Gawain 5. A | Pagyamanin Gawain 5.B | Isaisip Gawain 6 | Tayahin |
|---|---|---|---|---|
| 1. + | 1.c | 1.X | 1.seguridad at katahimikan | 1.d |
| 2. + | 2.a | 2. √ | 2.pandaraya at katiwalian | 2.d |
| 3. - | 3.b | 3.√ | 3.teritoryo | 3.a |
| 4. + | 4.e | 4. √ | 4.globalisasyon | 4.d |
| 5. - | 5.d | 5. X | 5.pagkakautang ng bansa | 5.b |
| | | | 6.poverty line | 6.a |
| | | | 7.ipinagbabawal na gamot | 7.a |
| | | | 8.populasyon | 8.d |
| | | | 9.polusyon | 9.a |
| | | | 10.pag-unlad | 10.c |

# SANGGUNIAN


Baisa-Julian, A., et.al., Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino, Ikalawang Edisyon,2019, Phoenix Publishing House, Inc., Quezon City

http://www.xinhuanet.com/english/2020-0/20/c_139454432.htm#WefightAsOne

https://www.worldometers.info/world-population/philippines-population/

https://www.researchgate.net/figure/Map-of-Sabah-showing-SIMCA-oV-the -northeastern-coast_fig1_226582467

https://pngio.com/PNG/a154633-south-china-sea-png.html

# Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos, Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## My Final Farewell

Farewell, dear Fatherland, clime of the sun caress'd
Pearl of the Orient seas, our Eden lost!,
Gladly now I go to give thee this faded life's best,
And were it brighter, fresher, or more blest
Still would I give it thee, nor count the cost.

On the field of battle, 'mid the frenzy of fight,
Others have given their lives, without doubt or heed;
The place matters not-cypress or laurel or lily white,
Scaffold or open plain, combat or martyrdom's plight,
T is ever the same, to serve our home and country's need.

I die just when I see the dawn break,
Through the gloom of night, to herald the day;
And if color is lacking my blood thou shalt take,
Pour'd out at need for thy dear sake
To dye with its crimson the waking ray.

My dreams, when life first opened to me,
My dreams, when the hopes of youth beat high,
Were to see thy lov'd face, O gem of the Orient sea
From gloom and grief, from care and sorrow free;
No blush on thy brow, no tear in thine eye.

Dream of my life, my living and burning desire,
All hail ! cries the soul that is now to take flight;
All hail ! And sweet it is for thee to expire ;
To die for thy sake, that thou mayst aspire;
And sleep in thy bosom eternity's long night.

If over my grave some day thou seest grow,
In the grassy sod, a humble flower,
Draw it to thy lips and kiss my soul so,
While I may feel on my brow in the cold tomb below
The touch of thy tenderness, thy breath's warm power.

Let the moon beam over me soft and serene,
Let the dawn shed over me its radiant flashes,
Let the wind with sad lament over me keen ;
And if on my cross a bird should be seen,
Let it trill there its hymn of peace to my ashes.

Let the sun draw the vapors up to the sky,
And heavenward in purity bear my tardy protest
Let some kind soul o 'er my untimely fate sigh,
And in the still evening a prayer be lifted on high
From thee, 0 my country, that in God I may rest.

Pray for all those that hapless have died,
For all who have suffered the unmeasur'd pain;
For our mothers that bitterly their woes have cried,
For widows and orphans, for captives by torture tried
And then for thyself that redemption thou mayst gain

And when the dark night wraps the graveyard around
With only the dead in their vigil to see
Break not my repose or the mystery profound
And perchance thou mayst hear a sad hymn resound
'T is I, O my country, raising a song unto thee.

And even my grave is remembered no more
Unmark'd by never a cross nor a stone
Let the plow sweep through it, the spade turn it o'er
That my ashes may carpet earthly floor,
Before into nothingness at last they are blown.

Then will oblivion bring to me no care
As over thy vales and plains I sweep;
Throbbing and cleansed in thy space and air
With color and light, with song and lament I fare,
Ever repeating the faith that I keep.

My Fatherland ador'd, that sadness to my sorrow lends
Beloved Filipinas, hear now my last good-by!
I give thee all: parents and kindred and friends
For I go where no slave before the oppressor bends,
Where faith can never kill, and God reigns e'er on high!

Farewell to you all, from my soul torn away,
Friends of my childhood in the home dispossessed!
Give thanks that I rest from the wearisome day!
Farewell to thee, too, sweet friend that lightened my way;
Beloved creatures all, farewell! In death there is rest!

## I Am a Filipino, by Carlos P. Romulo

I am a Filipino–inheritor of a glorious past, hostage to the uncertain future. As such I must prove equal to a two-fold task–the task of meeting my responsibility to the past, and the task of performing my obligation to the future.

I sprung from a hardy race, child many generations removed of ancient Malayan pioneers. Across the centuries the memory comes rushing back to me: of brown-skinned men putting out to sea in ships that were as frail as their hearts were stout. Over the sea I see them come, borne upon the billowing wave and the whistling wind, carried upon the mighty swell of hope–hope in the free abundance of new land that was to be their home and their children's forever.

I am a Filipino. In my blood runs the immortal seed of heroes–seed that flowered down the centuries in deeds of courage and defiance. In my veins yet pulses the same hot blood that sent Lapulapu to battle against the first invader of this land, that nerved Lakandula in the combat against the alien foe, that drove Diego Silang and Dagohoy into rebellion against the foreign oppressor.

The seed I bear within me is an immortal seed. It is the mark of my manhood, the symbol of dignity as a human being. Like the seeds that were once buried in the tomb of Tutankhamen many thousand years ago, it shall grow and flower and bear fruit again. It is the insignia of my race, and my generation is but a stage in the unending search of my people for freedom and happiness.

I am a Filipino, child of the marriage of the East and the West. The East, with its languor and mysticism, its passivity and endurance, was my mother, and my sire was the West that came thundering across the seas with the Cross and Sword and the Machine. I am of the East, an eager participant in its spirit, and in its struggles for liberation from the imperialist yoke. But I also know that the East must awake from its centuried sleep, shake off the lethargy that has bound his limbs, and start moving where destiny awaits.

I am a Filipino, and this is my inheritance. What pledge shall I give that I may prove worthy of my inheritance? I shall give the pledge that has come ringing down the corridors of the centuries, and it shall be compounded of the joyous cries of my Malayan forebears when first they saw the contours of this land loom before their eyes, of the battle cries that have resounded in every field of combat from Mactan to Tirad Pass, of the voices of my people when they sing:

"I am a Filipino born to freedom, and I shall not rest until freedom shall have been added unto my inheritance—for myself and my children and my children's children—forever."